

Gabay para sa sistema na magamit mo kapag hindi ka makapagpatuloy sa pagiging technical intern~Ang mga mayroong visa na nakasaad na "Designated activity" (hindi maaring makapagtrabaho) ay pwede rin nito~

Ikaw, na isang technical intern trainee ay legal na protektado ng batas na para sa mga manggagawa ng Japan sa pagitan ng empleyado ng trainee at ang trainee.

Kapag tumigil ang kompanya mo o kaya nagsara at tanggalin ka sa trabaho o maghanap ka ng panibagong trabaho dahil sa pagkalat ng impeksyon ng bagong corona virus, ang teknikal na trainee ay pwedeng makapag-apply sa mga sumusunod na sistema. Kaya, huwag kang mag-atubiling mag-apply sa mga nasabing sistema sa ibaba.

Kabayaran mula sa Employment Insurance/Koyo Hoken (Pangunahing allowance)

Maaring kang tumanggap ng basic allowance galing sa employment insurance mo para sa pangangailangan ng pagkakaroon ng stable na buhay pagkatapos ka mawalan ng trabaho at nag-hanap ka ng panibago. Kahit teknikal intern ka, maari kang makatanggap ng payment mula sa Employment Insurance (na bilang basic allowance) kung kwalipikado ka sa mga naitalang kondisyon (Itong sistemang ito ay pwede sa parehong mga taga Japan at sa mga technical intern).

Sinu-sino ang Makapag-apply

Ang nasisanteng teknikal intern na trainee sa kasagsagan ng training at naghahanap ng bagong trabaho / Isang teknikal na intern trainee na naghanap ng bagong trabaho sa kadahilanang nahirapang bumalik sa kanyang sariling bansa matapos ang pagsasanay niya bilang isang teknikal na intern.

※Ang parehas na kasong naitala sa itaas ay pwede sa taong may visa bilang "technical Intern" at ang "designated activity ay (walang permisong magtrabaho) o "short stay"; ngunit applicable lang ito para sa may visa na ang nakalagay ay "short stay" na nabago mula sa pagiging technical intern bago mag May 20.


1 Sa pagdeklara at pag-apply sa "Hello Work"

Pagtanggap ng basic allowance pagkatapos mo mawalan ng trabaho, kinailangang ihayag mo ang iyong pagiging unemployed o walang trabaho at sabihin sa kanila na naghahanap ka ng bagong trabaho sa "Hello Work"(o opisina ng Public Employment Security)

2 Higit sa labindalawang buwan ang tagal na nakapagbayad ka ng iyong "Employment Insurance"

Kinakailangan mong bayaran ang "Employment Insurance/Koyo hoken" nang higit sa labindalawang buwan sa mga huling dalawang taon noong bago ka nawalan ng trabaho. Ngunit sa kaso ng kawalan ng trabaho dahil sa pagbagsak ng pagkabankrupt ng kompanya o bumagsak ang kanilang negosyo, kinailangan mong bayaran ang insurance na iyan nang higit na anim na buwan mula noong huling taon bago ka nawalalan ng trabaho

<Pamamaraan upang tumanggap ng kabayaran sa Employment Insurance (Pangunahing allowance) >



Iyong mga kompanyang hinimok o pinilit paliitin ang kanilang negosyo kinailangang gumawa ng hakbang para mabawasan ang mga hindi magandang dulot nito, kinailangan bayaran nila ang suweldo /allowance ng kanilang mga trainee sa pamamagitan ng paggamit ng subsidy para ma-adjust ang employment kapag kuwalipikado sila sa mga naitatalagang kondisyon. Ang bagong sistema ay iaayos para sa mga trainee na maaring makapagrequest ng unpaid salary o allowance sa kasagsagan ng pagtanggap sa kanila.

※ Sa ilalim ng batas ng manggagawa Act 26, kinailangang bayaran ng kompanya ang allowance para masiguro ang kahit na minimum na pang araw araw na pangangailangan ng manggagawa sa panahon ng pagsara ng kanilang negosyo, kung iuutos ng kompanya na huwag munang silang pumasok sa trabaho sa anumang kadahilanan ng kompanya.

Paki tanong sa mga kontak na nakalista sa ibaba. Maaari kang ring makakuha ng kaparehang impormasyon sa kanilang website

● Magtanong tungkol sa bayad ng Employment Insurance (pangunahing allowance) :

➢ Prefectural Public employment security offices “Hello Work”

<https://www.mhlw.go.jp/kyujin/hwmap.html>

● Kung may mga katanungan tungkol sa kalagayan ng pagtatrabaho tulad ng sweldo pati na ang bayad para sa panahon na wala ka sa trabaho at iba pa :

➢ Hotline para sa dayuhan, mga dayuhan manggagawa tungkol sa kalagayan ng pagtatrabaho :

<https://www.check-roudou.mhlw.go.jp/soudan/foreigner.html>

● Mga Katanungan Tungkol sa Visa

➢ Website ng Ministry of Justice

<http://www.moj.go.jp/content/001319640.pdf>



Hotline para sa dayuhan na Teknikal na Intern Trainees sa Sariling Linguahe

- Kami, na Organisasyon para sa Teknikal na Intern, ay tumutulong sa mga problema ninyo
- kapag kayo ay nalagay sa alanganin o mga problema sa inyong trabaho o sa inyong pang-araw-araw na buhay sa Japan;
 - kapag naramdaman mo na ang inyong amo ng inyong pinagtatrabahuan ay hindi sumusunod sa batas ng pagsasahod o sa mga obertaym at iba pa,
 - kapag pinipilit ka ng inyong employer na bumalik sa inyong bansa kahit na ayaw mo,
 - kapag hindi mo alam kung saan at kanino magtanong tungkol sa mga batas o sistema ng Japan gamit ng inyong sariling linguahe. Pakiusap lagyan ng tsek ang website (<https://www.otit.go.jp>)



Hot line in native language (11:00-19:00) Libre Mga hotline sa Sariling Linguahe

• Vietnam	Tuwing Lunes at Biyernes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 6 8
• Chinese	Every Monday, Wednesday and Tuwing Lunes at Miyerkules Friday	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 6 9
• Indonesian	Tuwing Martes at Huwebes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 9 2
• Filipino	Tuwing Martes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 9 7
• English	Tuwing Martes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 4 7
• Thai	Tuwing Huwebes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 1 9 8
• Cambodia	Tuwing Huwebes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 3 6 6
• Myanmar	Tuwing Biyernes	TEL : 0 1 2 0 – 2 5 0 – 3 0 2